IJNRD.ORG ISSN : 2456-4184
INTERNATIONAL JOURNAL OF NOVEL RESEARCH AND DEVELOPMENT (IJNRD) | IJNRD.ORG
An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# USAPP E-MOBILE: INTERAKTIBONG KAGAMITAN SA PAGBASA

**[1]Carla M. Espenida [2]Kathleen Kay D. Mapa,PhD**
Sorsogon State University
Paaralang Gradwado Lungsod Sorsogon

*Abstrak :* Natiyak sa pag-aaral na ito ang pagkakabuo at balidasyon ng kagamitang pampagtuturo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino 5, sa Purok Timog Uson, Masbate, taong panuruan 2023-2024. Deskriptib-debelopmental ang ginamit na disenyo ng mananalikisk. *Purposive random sampling* ang ginamit sa paggpili mga kalahok na mag-aaral, mga eksperto at guro na may kabuoang bilang na 115 mula sa Probinsiya ng Masbate. Ang mananaliksik ay gumamit ng talatanungan upang makalap ang kinakailangang mga datos o impormasyon sa pag-alam sa kategorya ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagtanggap sa nabuong kagamitan mula sa fidbak ng mga guro at mag-aaral. Tseklist naman ang ginamit mula sa LRMDS sa pag-alam ng pagigingbalido, fidbak, at rekomendasyon ng mga eksperto sa USAPP bilang interaktibong kagamitang pampagtuturo sa pagpapaunlad ng kasanayang panliterasi.. Ang mga impormasyon o datos na nakalap ay binigyang interpretasyon ng mananaliksik sa deskriptibong pag-aanalisa. Ang kategorya ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino 5 ay ang sumusunod; kategoryang *established*, *emerging*, *coping* at *deficit* bawat kategorya ay base sa *Regional Memorandum No. 363 s. 2023 Guidelines in the Administration of Rapid Literacy Assessment (DepEd Region V, 2023)* [1]. Ang pag-alam at pagtukoy sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral ay napakahalaga dahil makatutulong ito sa mga guro na magbigay ng mga gawain at bumuo ng mga materyal na tutugma sa kakayahan ng bawat mag-aaral. Ang "USAPP E-Mobile" ay kagamitang may natatanging katangian at tampok na nakapagpapaunlad sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral at naglalayong tulungang mapataas ang kasanayang panliterasi ng mga mag-aaral sa Filipino. Balido ang itinampok ng kagamitang USAPP bilang makabagong interbensiyon sa pagpapaunlad ng kasanayang panliterasiya at lubos naman ang pagtanggap ng mga mag-aaral at guro dito. Inirekomenda na ito ay maaaring tangkilikin at gamitin, hikayatin ang mga guro na makabuo ng mga kagamitan na makapagpapaunlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang kategorya sa pagbasa, higit pangpaunlarin ang nabuong kagamitan at maaaring gawing *offline* upang maaaring magamit ng lahat kahit walang internet at maaaring gawing batayan ng mga susunod na mananaliksik upang magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral.

***Susing-salita:*** *USAPP E-Mobile, interaktibong kagamitan, kategorya ng kasanayan, balido, pagtanggap*

## 2.INTRODUKSYON

Sa mabilis na pagbabago ng panahon hindi maikakaila ang malawakang pag-unlad ng teknolohiya partikular na sa larangan ng edukasyon, mabilis na umuusbong ang iba't ibang digital tool at pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto. Ang mga kagamitang pang-edukasyon ay sumasailalim sa makabuluhang pagbabago, na ginagamit ang teknolohiya upang mapahusay ang mga karanasan sa pagtuturo at paghahatid ng karunungan sa mga mag-aaral. Kabilang sa mga pagsulong na ito, ang mga mobile na kagamitan bilang mga mahalagang instrumento sa pagtulay ng mga gaps sa edukasyon, na nag-aalok ng mga makabagong solusyon upang matugunan ang kasalukuyang problemang kinakaharap ng edukasyon na talaga namang malaking tulong sa paghahatid ng dunong o kaisipan at paghubog sa kasanayan ng mga mag-aaral. Batay sa pag-aaral ang paggamit ng videos, mobile o iba pang mga kagamitang digital sa pagtuturo at pagkatuto ay madaling nakakakuha ng interes ng mga mag-aaral at nagiging mas masigla ang interaksiyon sa talakayan (Labasbas, 2022) **[2]**

Ang mga digital na Gawain o *program* sa *mobile phone* ay isang elektronikong instrumento o kagamitan na nilalapatan ng teknolohiya upang magamit sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay isang makabagong estratehiya o interbensiyon gamit ang teknolohiya sa pagbabahagi ng karunungan na isang malaking ambag sa kaunlaran ng pagtuturo at pagkatuto. Samakatuwid, kasabay ng pagbabagong ito ay kinakailangang makasabay sa makabagong pamamaraan ng pagtuturo upang matugunan ang mga layuning pang-edukasyon ng ika-21 siglo (Hamzah et.al, 2023) **[3]**. Ang paggamit ng makabagong pamamaraan o estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa mga mag-aaral ay may positibong dulot, napupukaw nito ang interes ng magaaral sa pagbasa at nakapagpapalawak din ito ng bokabularyo (Buragohain, et.al, 2023) **[4]**. Sa kalagayan ng edukasyon ngayon isang malaking pagsubok sa mga guro ang pagtuturo sa modernong panahon, sapagkat kinakailangan nila ng sapat na kaalaman na malinang ang makrong kasanayan ng mga mag-aaral gamit ang makabagong pamamaraan, partikular na sa pagpapaunlad ng kasanayang pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Dagdag pa dito ang mataas na bilang ng mga mag-aaral na hindi marunong bumasa at umunawa. Isa sa mga problemang kinakaharap ng Kagawaran ng Edukasyon ang mababang bahagdan ng literasi ng mga

mag-aaral sa Pilipinas. Ayon sa datos sa ginawang survey ang mga batang Filipino ay nagkamit ng pinakamababang rango sa reading comprehension (UNESCO, 2019) **[5]**. Gayundin sa inilabas na datos ng (World Bank, 2022) **[6]**ang estado ng pandaigdigang krisis sa pagkatuto, na ang Pilipinas ay isa sa may pinakamataas na bahagdan sa "Learning Poverty" o kahirapan sa pagkatuto na may bilang na 90.9% sa mga bansang nasa Asya. Batay din sa resulta ng PISA (2022) **[7]** inilahad na mayroong 5 hanggang 6 na taong pagkaantala o pagkahuli sa learning competencies sa bansa. Nakalahad din na ang Pilipinas ay ika-77 na ranggo mula sa 81 na bansang kasali sa 2022 student assessment sa mga mag-aaral edad 15 taon. (OECD, 2022) **[8]**. Batay sa mga datos na nailahad ay malaking alalahanin at hamon ang hatid nito sa Kagawaran ng Edukasyon lalong-lalo na sa mga guro na mapaunlad ang pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa bansa.

Ang pagbabasa ay esensyal sa buhay ng isang indibidwal, ito ay kabahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay, kaya naman mahalaga na malinang ang kasanayang ito sa bawat mag-aaral. Binigyang pagpapakahulugan naman ni Hansen (2019) **[9]** na ang pagbasa ay isang komplikadong kasanayang nangangailangan ng sapat na oras sa paghubog, bilang karagdagan sa mga praktikal na kasanayan ng paglalagay ng mga titik at pagsasama-sama ng mga ito sa mga salita, ay kailangang maunawaan kung ano ang kahulugan ng nabasang teksto o mabatid ang mensahe nito. Kaakibat din ng pagbasa ang komprehensiyon o pag-unawa sa binasa.

Kinakailangang makapag-isip at tumuklas ang mga guro ng mga makabagong interbensiyon, pamamaraan, estratehiya at gawain na makapupukaw at naaayon sa interes ng mga mag-aaral (Nonggod 2021) **[10]**. Sa pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo, mahalaga na makiayon ang mga guro sa pag-usbong ng modernong panahon at modernong pamamaraan ng pagtuturo upang lubos na makuha ang panlasa ng mga mag-aaral sa paraang gusto nilang matuto (Mandado 2020) **[11]**. Isa sa makabagong interbensiyon na lumabas ay ang mga digital na gawain o program gamit ang mobile phone, ginagamit lang noon ang mga ito sa paglilibang, paghahatid ng mensahe at iba pang serbisyo. Sa ngayon, ay may mga pag-aaral gamit ang digital program sa mobile phone sa pagtuturo. Isa na rito ang Mobile Assisted Learning Language o MALL na kadalasan ay gamit sa pagpapayabong ng bokabularyo (Lin, J. at Lin, H. 2019) **[12]**, (Kohnke et.al, 2019) **[13]**. Pagdating naman sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ay iilan lamang ang lumalabas na mga pag-aaral tungkol dito sa taong 2012-2017 (Gutierrez-Colon, 2020) **[14]**. Kaya ninanais ng tagapagsaliksik na pagtuunan ang aspektong ito. Ang mga elektronikong kagamitan katulad ng mobile phone, tablets, e-book, at iba pang mga digital na kagamitan ay siniyasat at pinag-aralan kung papaano ito magagamit sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Batay sa Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1987, Artikulo XIV, Seksyon 10 **[15]**, Napakahalaga at makabuluhan ang Agham at Teknolohiya sa pambansang pag-unlad at pagsulong. Kailangang pagtuunan ng panahon ng Estado ang pag-aaral at pagbubuo, imbensyon, inobasyon, at sa pagpapasagamit ng mga ito; sa edukasyon, pagsasanay at mga lingkurang pang-agham at panteknolohiya. Kung kaya't kinakailangan ang Kagawaran ng Edukasyon ay gumawa ng mga programa na makapagpapaunlad sa aspektong ito. Nakasaad naman sa Deped order No. 78. S. 2010 **[16]**, Mga alituntunin sa Pagpapatupad ng DepEd Computerization Program (DCP) ay naglalayong magkaroon ng angkop na teknolohiya ang bawat sektor ng edukasyon partikular sa mga guro at mag-aaral upang mapataas ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto upang makasabay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig. Kaugnay nito ang Kagawaran ng Edukasyon kasama ng ICTS ay isinulong at pinaunlad ang Digital Rise Program para sa modernong pagtuturo at pagkatuto (DepEd, 2022) **[17]**. Ayon sa inilabas na report ang Digital Rise Program ng DepEd ay may tatlong komponents. Isa dito ang Digital Literasi, kung saan ang K to 12 Kurikulum ay inatasang isama ang mga makabagong kagamitan sa pagtuturo. Bilang suporta sa hangarin ng DepEd na mapataas ang bilang ng mga mag-aaral na marunong bumasa at umunawa, kinakailangang makabuo o makagawa ang mga guro ng mga makabagong interbensiyon o mga kagamitang panturo. Sa pamamagitan nito, maaaring makatulong at mapaunlad ang kasanayang panliterasi ng mga mag-aaral gamit ang makabagong kagamitan.

Mithiin ng mananaliksik na matugunan ang mga pangangailangan ng ika-21 siglong mag-aaral at mapaangat ang lebel ng literasi ng mga batang Filipino kaagapay ang teknolohiya sa pamamagitan ng makabago at edukasyonal na mga elektronikong gawain na nakaprogram sa *mobile phone*. Kung kaya't ito ang nag-udyok sa mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral tungkol sa makabagong Interbensiyon sa Epektibong Pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino.

## 3. METODOLOHIYA

### 3.1 **Mga Kalahok**

Ang pag-aaral na ito ay binubuo ng 115 na kalahok, limang (5) kalahok mula sa eksperto na tagasuri ng nabuong kagamitang USAPP gamit ang tseklist ng LRMDS para sa non-print na mga kagamitan. Sampu (10) ang bilang ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino at (100) naman ang bilang na kalahok mula sa Baitang 5 sa sampung (10) Paaralang Elementarya sa Purok Timog Uson, Probinsiya ng Masbate taong panuruan 2023-2024, na sumagot sa talatanungan ng mananaliksik para sa pagalam ng kategorya ng kasanayan sa pagbasa at pagtanggap sa USAPP bilang makabagong interbensiyon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasang may pang-unawa. Purposive random sampling teknik ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok mula sa hanay ng mga eksperto, guro at mag-aaral, sapagkat naaayon at kinakailangan ang kanilang kakayahan, kaalaman at datos sa layunin ng ginawang pananaliksik.

Makikita sa talahanayan 1, ang pagkakabahagi ng mga kalahok na may kabuoang bilang na 115. Ito ang mga kalahok na pinagmulan ng mga datos na kailangan sa pananaliksik na ito.

**Talahanayan 1 (Mga Kalahok)**

| Kalahok | (f) | % |
|---|---|---|
| **Eksperto** | 5 | 4 |
| **Guro** | 10 | 9 |
| **Mag-aaral** | 100 | 87 |
| **Kabuoan** | **115** | **100** |

3.2 **Paraan ng Paglikom ng mga Datos**

Ang mananaliksik ay gumawa ng liham pahintulot na may lagda ng tagapayo at dekano, upang pormal ang pakikipag-ugnayan sa tagapamanihala ng DepEd Probinsiya ng Masbate at lahat ng kasangkot sa pag-aaral na ito. Sumunod ay ibinigay ang liham pahintulot sa tanggapan ng mga punongguro sa na kalahok sa pag-aaral na ito, upang makagawa ng paglilikom ng mga datos o impormasyon sa mga kalahok na eksperto, mag-aaral at guro sa sampung pampublikong paaralan sa Purok Timog Uson. Sa pagalam ng kategorya ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa na nasa Ikalimang Baitang, nagsagawa ang mananaliksik ng pangangalap ng datos noong Enero 8-12, 2024. Pinasagutan ng mananaliksik ang unang bahagi ng likhang-talatanungan sa mga mag-aaral ang sagot ng mga mag-aaral ay masusing iwinasto ng guro para sa kaangkupan ng datos na ibinahagi ng mga mag-aaral. Binigyang interpretasyon ng mananaliksik ang datos mula sa sagot ng mga mag-aaral.

Base sa impormasyong nakalap at resulta ng interpretasyon ng datos mula sa sagot ng mga mag-aaral, lumikha ang mananaliksik ng Kagamitang USAPP E-MOBILE: Interaktibong kagamitan sa Pagbasa na makapagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasang may pang-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino. Pagkatapos nito, nagtungo naman ang mananaliksik sa paaralan ng mga gurong eksperto noong Enero 22-25, 2024 para sa pagsuri at balidasyon ng nabuong kagamitan gamit ang tseklist ng LRMDS. Base sa nakalap na datos mula sa pagsusuri at rekomendasyon ng mga eksperto, isinaayos ng mananaliksik ang mga kinakailangang baguhin sa nabuong kagamitang pampagtuturo. Ipinagamit sa mga kalahok na mag-aaral at guro ang pinagyamang USAPP mula Pebrero hanggang Abril taong 2024. Isinagawa ito upang malaman ang kanilang pagtanggap sa USAPP bilang makabagong interbensiyon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasang may pang-unawa. Ginamits a pagsagot ang ikalawang bahagi ng likhang talatanungan ng mananaliksik. Mula sa sagot ng mga mag-aaral at guro ito ay nilikom at binigyang iterpretasyon at pagpapakahulugan.

## IV. RESULTA

### MGA NATUKLASAN

Ipinapakita sa bahaging ito ang interpretasyon at pag-aanalisa sa mga nakalap na datos buhat sa mga kalahok ng pag-aaral. Ito ay inilahad gamit ang angkop na mga talahanayan na sunud-sunod na isinaayos upang makamit ang layunin ng pag-aaral.

### USAPP E-MOBILE: INTERAKTIBONG KAGAMITAN SA PAGBASA

**Kategorya ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino 5**

Ipinapakita sa bahaging ito ang mga kategorya ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino Baitang 5. Batay sa sagot na ibinahagi ng mga mag-aaral. Nakalahad rin dito ang *frequency* at bahagdan ng mga kalahok sa bawat kategorya.

**Talahanayan 2 Kategorya ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino 5**

| Kategorya | f | % |
|---|---|---|
| Established | 47 | 47 |
| Emerging | 19 | 19 |
| Coping | 10 | 10 |
| Deficit | 24 | 24 |
| **Kabuoan** | **100** | **100** |

Ang Talahanayan 2 ay naglalahad ng mga kategorya ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino 5. Nakalahad din dito ang bilang ng mga kalahok na nasa kategoryang *established* (Nakababasa ng tama at naiintindihan lamang ang simpleng mga tanong mula sa binasa. Kailangang maspaunlarin pa ang lebel ng komprehensyon), *emerging* (Nakababasa ng tamang salita ngunit nahihirapan makapagbasa ng mahahaba at hindi pamilyar na mga salita sa pangungusap), *coping* (Nakababasa ngunit simpleng salita lamang ang kayang basahin). *Deficit* (Nakababasa lamang ng silaba at may kahirapan sa ibang tunog ng mga letra) ang mga pagpapakahulugang ito sa bawat kategorya ay base sa *Regional Memorandum No. 363 s. 2023 Guidelines in the Administration of Rapid Literacy Assessment (DepEd Region V, 2023)* [18] na naglalayong matukoy ang lebel o kategorya ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagbasa.


Mahihinuha na sa kategoryang *established*, mula sa kabuoang bilang ng kalahok na 100 ay mayroong 47 mag-aaral sa ikalimang baitang ang nabibilang sa kategoryang ito o 47% na bahagdan ng kabuoang bilang. Angkop ang paksa at mga gawaing nasa kuwento na nakapaloob sa kagamitang USAPP para sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasang may pang-unawa ng mga mag-aaral. Para sa kategoryang established, ang mga gawain na nakapaloob sa kuwento ay kronolohikal na nakaayos simula lebel

1 hanggang lebel 6, nangangahulugang ang mga pagsasanay sa kuwento ay mula pinakamadali hanggang sa pinakamahirap na antas. Sa pamamagitan nito matutulungan ang mga mag-aaral na nasa kategoryang *established* na masmapayabong ang kanilang pagbasa at komprehensyon. Para sa kategoryang *emerging*, may 19 na mag-aaral ang nabibilang dito o 19% ng kabuoang bilang. Ang mga gawaing nakapaloob sa USAPP na nasa Pangungusap ay angkop o nararapat para sa mga mag-aaral na nasa kategoryang *emerging*. Ang bilang naman ng mga mag-aaral na nasa kategoryang *coping* ay 10 o 10% ng kabuoang bilang ng kalahok. Nararapat ang pagsasanay sa Parirala na nakapaloob sa USAPP sa mga mag-aaral na nasa kategoryang *coping*. Ang mga gawain dito ay makatutulong na mahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga salita at parirala. Mayroong 24 o 24% na bilang ng mag-aaral sa ikalimang baitang ang nasa kategoryang *deficit* o nakababasa lamang ng silaba at may kahirapan sa ibang tunog ng mga letra. Angkop ang gawain sa USAPP na nasa tunog at salita sa mga mag-aaral na nasa kategoryang ito. Makatutulong ito na matutunan ng mga mag-aaral ang mga tunog ng bawat letra at silaba sapagkat nakaeengganyo at interaktibo ang mga gawaing nakapaloob sa USAPP para mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbasa.

Base sa mga datos nangangahulugang iba-iba ang kategorya ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino 5 ibig sabihin iba-iba ring mga gawain o pagsasanay ang nararapat sa bawat kategorya. Kinakailangang makabuo ng mga pagsasanay o interbensiyon na angkop sa bawat lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ito ang isa sa mga dahilan ng mananaliksik sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, upang bigyang solusyon na mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral na hirap sa kasanayang nabanggit. Sinuportahan naman ito ng pag-aaral nina Monter, (2016) [19]at Tagalog, (2015) [20] na nagmungkahing ang guro ay dapat na patuloy sa pagbibigay ng mga gawaing makapagpapaunlad sa kakayahan ng mga mag-aaral. Dagdag naman ni Rapi, (2024) [21] ang mga interbensiyon o pagsasanay na ibabahagi sa mga mag-aaral ay marapat na naaayon sa kanilang lebel o kategorya sa pagbasa, nang sa gayun ay maging matagumpay ang pagtuturo at pagkatuto. Kung kaya layunin ng pag-aaral na ito na bumuo ng mga pagsasanay o makabagong interbensiyon na makatutulong sa paghubog ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral gamit ang teknolohiya katulad ng kagamitang USAPP.

**Nabuong Kagamitang Pampagtuturo sa Pagpapaunlad ng Antas ng Kasanayan sa Pagbasa**

Bilang tugon sa problemang kinakaharap ng mga guro ngayon at upang matulungan ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang kasanayan sa pagbasa sa bawat kategorya ay nabuo ang USAPP E-Mobile: Interaktibong Kagamitan sa Pagbasa. Isa itong elektronikong kagamitan gamit ang mobile phone, ang mga paksa at gawain ay nakaprogram sa *mobile phone* na naglalaman ng kasiya-siya at interaktibong gawain. Ang tampok na bahagi ng nabuong kagamitan ay pangmukhang pahina, *QR code*, nilalaman, *video lessons* at pagsasanay. Nakaayos ang mga aralin at gawain mula madali hanggang sa pinakamahirap: (1) Tunog, (2) Silaba, (3) Salita, (4) Parirala, (5) Pangungusap at (6) Maikling Kuwento. Bawat aralin ay may nakalakip na *video lesson* at mga kasiyasiyang pagsasanay na nagbibigay ng agarang iskor sa mga mag-aaral, makikita agad kung ilan ang iskor na nakuha ng mag-aaral sa bawat pagsasanay at iskor para sa kabuoan. Ang mga pagsasanay mula tunog hanggang pangungusap ay may sampung (10) aytem, sa maikling kuwento naman ay may anim (6) na lebel na nakaayos mula madali patungong mahirap, mayroong limang (5) katanungan ang bawat lebel ng kuwento.




Larawan bilang 1 (QR code)


Makikita sa larawan bilang 1 ang QR code na bahagi ng kagamitang USAPP, ito ay modernong pamamaraan gamit ang teknolohiya na idinisenyo upang agarang macode ang mga datos (Gilana, 2023) [22]. Maaaring iiscan ang *QR code* na makikita sa USAPP upang magkaroon ng akses sa mga paksa at pagsasanay na nilalaman. Para makita ang QR code pindutin lamang ang share sa pangmukhang pahina, lalabas dito ang hugis parisukat na naglalaman ng code at maaari na itong iiscan gamit lamang ang mobile phone o iba pang elektronikong *devices*.




Larawan bilang 2 (Pangmukhang Pahina)

Sa bahaging ito nakalahada ang *icon* kung saan makagagawa ng sariling *account* para magamit ang USAPP. Sa pamamaraang ito madaling magagamit ng mga mag-aaral at guro ang kagamitang nabuo saan man at kalian man nila gustuhin. Nararapat na makapagbigay ng napapanahong pamamaraan ng pagtuturo upang maiangkop sa interes ng makabagong henerasyon at matiyak ang kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sinang-ayunan naman ito ng pag-aaral ni Mayag-as (2023) [23]. malaking

tulong ang teknolohiya sa mga guro upang masmaibigay ang dekalidad na pagtuturo sa kanilang mga mag-aaral tungo sa epektibong pagkatuto.




Larawan bilang 3 (Nilalaman)

**Nilalaman:** Nagtataglay ang bahaging ito ng mga aralin at pagsasanay mula tunog, silaba, salita, parirala, pangungusap, at maikling kuwento. Makikita sa larawan bilang 3 ang mga aralin na nakapaloob sa USAPP ito ay ang: tunog, silaba, salita, parirala, pangungusap at maikling kuwento. Nakaayos ang mga paksa mula madali hanggang sa pinakamahirap.Ang mga araling nakapaloob ay lohikal ang pagkasunod-sunod na nararapat matutunan ng mga mag-aaral mula madali hanggang sa pinakakomplikadong kompetensi. Ito ay mahalagang salik sa pagkatuto ng mga mag-aaral na makabasa at makaunawa.
Marapat lamang na lohikal ang pagkasunod-sunod ng mga aralin mula *basic to complex*, upang magkaroon ng matatag na pundasyon ng kaalaman at para sa tuloy-tuloy at matagumpay na pagkatutong pagganap ng isang indibidwal kaakibat ang teknolohiya (DepEd K to 12 Gabay Pangkurikulum, 2016). [24]




Larawan bilang 4 (Paksa:Tunog)

**Tunog:** Nagtataglay ang bahaging ito ng isang video lesson na nakalap mula sa youtube account ng gurong content creator ng mga aralin sa pagpapayabong ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Mahalagang matutunan ng mga magaaral ang tunog ng bawat letra sa alpabetong Filipino upang mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan ang paggamit ng mga tunog at titik sa wika tungo sa matagumpay na pagbasa (Rapi, 2024) [25] na tampok sa nabuong kagamitan USAPP. Makikita at mapakikinggan sa *video lesson* kung ano ang anyo at tunog ng bawat letra kalakip ang angkop na larawan na tumutukoy sa tunog ng titik. Ito ay nagbibigay konsepto na mahalagang ang kagamitang pampagtuturo ay gumamit ng audio upang mabilis na matuto ang isang indibidwal sa pamamagitan ng pakikinig. Ayon kay Quitolbo (2024) [26] ang kagamitang audio-visual ay makatutulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa. Nagbibigay ito karanasan sa isang indibidwal na mapalawak at mapalalim ang kaalaman sa pagbasang may pang-unawa.




Larawan bilang 5 (Pagsasanay:Tunog)

Nagpapakita ng mga pagsasanay sa tunog na binuo para sa mga mag-aaral sa kategoryang *deficit*. Sa pananaliksik ni Doria at Conui (2020) [27], ang pagbuo ng mga pagsasanay ay dapat na isinaalang-alang sa kakayahan ng mga mag-aaral at ang kasanayan na dapat na matamo at malinang batay sa layunin ng aralin. Sa pagsasanay na ito pindutin ang *"play button"* sa bawat pagpipilian, pakinggang mabuti kung ano ang tunog ng simulang letra na tinutukoy ng bawat larawan, piliin ang angkop na tunog ng bawat letra at pindutin ang "pumili", kapag tama ang sagot lalabas ang tsek at kung mali naman ay lalabas ang ekis. Lalabas din kung ilan ang iskor na nakuha sa bawat pagsasanay. Kawili-wili ang paraan sa pagsagot sa mga pagsasanay na angkop sa bawat lebel ng mga mag-aaral sa kategoryang *deficit*, sa makatuwid interaktibo at kasiya-siya ang mga gawain na nakapaloob sa kagamitan at nakaakma

sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ayon kay Pacol, (2023) [28] ang interaktibong kagamitan ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral at nakapupukaw ng interes para sa makabuluhang pagkatuto.




Larawan 6 (Paksa:Silaba)

**Silaba:** Sa bahaging ito nakasaad ang paksa at pagsasanay sa silaba, nakalahad rin dito ang nilalaman ng *video lesson* tungkol sa paksa ang silaba. Na binuo para sa mga mag-aaral sa kategoryang *deficit*. Makikita rin dito ang kahulugan ng silaba, ito ay isang yunit ng pagbigkas sa salita na mayroong patinig, maaring mag-isa o may kasamang isa o higit pang katinig, at bumubuo sa paraan ng pagbigkas. Mahalagang matutunan para sa susunod na kinakailangang kompetensi, ang pagbasa ng salita na binubuo ng mga silaba. Base sa resulta ng pag-aaral ni Rapi (2024) [29] ang pagkatuto ng mga mag-aaral ng pinagsamang tunog ng titik at mga pinagsamang letra o silaba ay nagbibigay daan din na matutunan at mapaunlad ang ibang susunod na mga kompetensi sa pagbasa. Nagpapatunay lamang ito na angkop ang nilalamang paksa sa kagamitang USAPP sa pagpapaunlad ng kasanayan ng magaaral.




Larawan 7 (Pagsasanay:Silaba)

Pipindutin ng mga mag-aaral ang "play button" na katabi ng mga silaba sa ibaba ng larawang tinutukoy, upang mapakinggan kung paano ang pagbigkas ng salita na nasa larawan. Pakikinggang mabuti kung ano ang bigkas ng pinakaunang silaba ng salitang nasa larawan. Pagkatapos pakinggan, pipili ng sagot ang mag-aaral lalabas ang tsek kung tama ang sagot at ekis naman kung mali ang napiling sagot. Nagsasaad ito ng kahalagahang gamit ng larawan bilang pantulong na bahagi sa pag-ugnay at pagpapalawak ng konsepto para sa makabuluhang pagkatuto. Nagpapakita rin ito ng makabago at nakakatuwang pamamaraan sa pagsagot at pagwasto ng pagsusulit ng mga mag-aaral. Nag-aalok ito ng makabago at kasiya-siyang karanasan ng pagkatuto. Ito ay malaking tulong upang mapalawak ang kasanayan ng isang indibidwal sa makabagong pamamaraan. Batay sa resulta ng pag-aaral nina Labasbas at Marbella (2022) [30] napatunayang ang integrasyon ng teknolohiya sa pag-aaral ay isang pinakamabasing pamamaraan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.




Larawan 8 (Paksa:Salita)

**Salita:** Ang *video lesson* ay naglalaman ng mga aralin kung paano bigkasin o basahin ang mga salitang nakalahad sa bawat pagsasanay. Hinango ito mula sa mga youtube bidyo ng mga gurong kontent kreeytor ng edukasyonal na mga paksa. Nakalink ang mga bidyo na nasa USAPP sa youtube account ng mga kreeytor upang bigyan sila ng kredit sa kanilang ginawa. Makatutulong ng mahigit ang mga aralin na ito sa mga mag-aaral na hirap makapagbasa ng salita, mabilis na matututo ang mga mambabasa sapagkat gumagamit ito ng mga *audio-visual* na mahalagang salik sa pagpapayabong ng kompetensi ng mga mag-aaral na nasa kategoryang *coping*. Ayon sa pag-aaral nina Kwegriyiba, et.al (2022) [31] ang mga *audio-visual* na materyales na ginagamit sa pagtuturo ay nakapupukaw ng interes tungo sa epektibong pagkatuto ng isang indibidwal.




Larawan bilang 9 (Pagsasanay:Salita)

Pipili ang mag-aaral kung alin ang tamang bigkas ng mga salitang nakalahad at kapag nakapili na ng angkop na sagot ay pindutin ang "pumili" lalabas ang tsek o ekis kung tama o mali ang iyong sagot. Makikita rin dito kung ilan ang kabuoang iskor sa partikular na pagsasanay na ginawa. Nagpapakita lamang na ang kagamitang nabuo ay nag-aalok ng makabagong pamamaraan ng pagsagot at pagwasto sa pagsasanay na kapana-panabik sa mga mag-aaral sapagkat ito ay akma sa kanilang kawilihan sa tinatawag na *digital age* o makabagong panahon.




Larawan bilang 10 (Paksa:Parirala)

**Parirala:** Ang bahaging ito ay nagtataglay ng mga aralin na nasa *video*, tungkol sa paksang parirala. Ang mga aralin dito ay nararapat sa mga mambabasa na nasa kategoryang coping. Ang nilalaman ng *video lesson* na ito ay kahulugan ng parirala, nakasaad na ito ay mahalagang salik sa unti-unting pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga mahahaba at buong pangungusap.




Larawan bilang 11 (Pagsasanay:Parirala)

Nakalahad sa yugtong ito ang mga interaktibong gawain o pagsasanay sa parirala na makapagbibigay tulong sa pagpapayabong ng kasanayan ng mga mag-aaral sa kategoryang *coping*.




Larawan bilang 12 (Paksa:Pangungusap)

**Pangungusap:** Nakasaad sa parteng ito ang mga aralin na tumatalakay sa pangungusap gamit ang *audio-visual* na presentasyon. Ang aralin na nakapaloob dito ay akma sa mga mambabasang nasa kategoryang *emerging*.





Larawan bilang 13 (Pagsasanay:Pangungusap)

Ang mga pagsasanay ay mabilis masagutan, kinakailangan lamang na unawain ang panutong nakalahad. Nakalahad rin dito ang tamang sagot at kabuoang iskor ng mag-aaral na nagsagawa ng pagsasanay.




Larawan bilang 14 (Paksa:Kuwento)

Mababasa sa parteng ito ang kahulugan ng kuwento at ang mga elemento nito. Malinaw na ipinapaliwanag sa bidyo ang kahulugan at elemento ng kuwento at makikita rin ang mga halimbawa ng maikling kuwento. Na hinango sa mga bidyo ng gurong kreeytor ng mga pang-edukasyunal na kontent, na binigyang bagong anyo ng mananaliksik upang makasabay sa bagong pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto. Ayon sa pag-aaral ni Degormano (2024) [32], natuklasan na ang paggamit ng mga kuwentong nakaelektroniko na may kaakibat na mga tanong ay mabisa sa pagpapataas ng talasalitaan o bokabularyo ng mag-aaral.




Larawan bilang 15 (Pagsasanay:Kuwento)

Nakapaloob sa bahaging ito ang mga interaktibong gawain na makalilinang sa kasanayan sa pagbasang may pang-unawa ng mga mag-aaral. Ang kuwento ay may iba't ibang lebel mula sa madali hanggang sa pinakamahirap. Sasagutan din ng mga magaaral ang mga katanungang hango sa kuwentong binasa. Pipili ng angkop na sagot ang mag-aaral. Malalaman kung talagang naintindihan ng mag-aaral ang kaniyang binasa, kung tama ang kaniyang mga sagot sa bawat tanong. Nakatala ang kabuoang iskor na makukuha ng mag-aaral sa bawat pagsasanay. Ito ay isang makabagong pamamaraan sa epektibong pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa bagong henerasyon. Pinagtibay ito ng pag-aaral ni Quitolbo (2024) [33] ang paggamit ng *audio-visua*l at tekstwal, ay makatutulong sa mga mag-aaral na malinang ang kanilang komprehensyon sa tekstong binasa at kuwentong pinanood.

**Balidasyon sa Kagamitang USSAP**

Ipinakikita ang ebalwasyon sa nabuong kagamitan mula sa mga sagot ng mga dalubguro, na nagsilbing kasagutan kung gaano kabalido ang nabuong USAPP bilang makabagong kagamitang pampagtuturo sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga magaaral sa pagbasang may pang-unawa. Ginamit sa pagtukoy ng pagiging balido ang tseklist ng LRMDS para sa mga *non-print materials*.

**Talahanayan 3A Presentasyon ng USAPP Batay sa Kawastuhan**

| Pahayag | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| Pagkakamali sa gramatika at taypograpikal sa mga gawain na nakapaloob. | 4.00 | Walang mali |
| Kawastuhan, kaangkupan at kalinawan ng mga ilustrasyong ginamit. | 4.00 | Walang mali |
| Kaangkupan ng mga konsepto. | 3.80 | Walang Mali |
| May teknikal na isyu sa mga pagsasanay at video. | 3.40 | May mali ngunit kakaunti at kailangang ayusin |
| Kamalian sa graphics. | 4.00 | Walang Mali |
| Kawastuhan ng mga tunog na ginamit. | 2.80 | May mali ngunit kakaunti at kailangang ayusin |
| Kakulangan sa mga panutong nakalahad. | 3.80 | Walang Mali |
| **Kabuoang Mean** | **3.68** | **Walang Mali** |

*Iskala para sa kawastuhan*
3.50 – 4.00 Walang Mali
2.50 – 3.49 May mali ngunit kakaunti at kailangan lamang ayusin
1.50 – 2.49 May mali nangangailangan ng malaking pagsasaayos

1.00 – 1.49 Palitan at ayusin, huwag ng suriin

Nakalahad sa Talahanayan 3A ang kawastuhan ng nabuong kagamitan mula sa fidbak ng mga eksperto. Ipinapakita rin dito ang kabuoang puntos ng nabuong USAPP batay sa kawastuhan. Batay sa talahanayan ang unang palatandaan ay Pagkakamali sa gramatika at taypograpikal sa mga gawain na nakapaloob na may kabuoang 4.00 na puntos. Nangangahulugang walang pagkakamali sa gramatika at taypograpikal na kamalian sa mga pagsasanay, ibig sabihin maayos at tama ang pagkakalahad ng mga pangungusap sa mga pagsasanay at aralin, mahalagang maayos at walang pagkakamali sa gramatika ang isang kagamitan upang maging tama at angkop ang maihahatid na kaalaman sa mga gagamit nito. Kasunod nito ay Kawastuhan, kaangkupan at kalinawan ng mga ilustrasyong ginamit na may kabuoang mean iskor na 4.00. Ito ay nagpapahiwatig na walang kamalian ang mga ginamit na ilustrasyon sa USAPP, tiyak na malinaw at angkop ang mga larawan na nakalahad sa bawat pagsasanay at aralin. Ang kaangkupan at linaw ng ilustrasyon ay isang mahalagang salik sa pagkatutong pagganap ng mga mag-aaral, sapagkat masnauunawaan ng magaaral ang isang konsepto kapag may kaakibat na malinaw at angkop na mga larawan. Ang implikasyon nito ay mga malinaw at angkop na larawan ang nakapaloob sa mga paksa at pagsasanay na nilalaman ng kagamitang USAPP. Mayroon namang kabuoang mean na 3.80 ang Kaangkupan ng mga konsepto na nangangahulugang walang kamalian sa mga konseptong nakalahad. Ibigsabihin din nito ay angkop at wasto ang mga konseptong nakapaloob sa kagamitan. Isa ito sa mga dapat isaalang-alang kapag bumubuo ng kagamitang pampagtuturo dahil mahalaga na akma ang kaalaman at ideya na tinataglay ng isang kagamitan upang maiwasan ang kalituhan sa mga mag-aaral o indibidwal na gagamit.

Nagpapahiwatig ito na tama ang mga nakapaloob na konsepto sa USAPP at maaaring maibahagi sa mga mag-aaral. Ang sumunod na palatandaan ay, May teknikal na isyu sa mga pagsasanay at video na may kabuoang mean iskor na 3.40.

Nagpapahiwatig ito na mayroong kamalian sa mga pagsasanay at video o kaya nama'y mahirap magload ang mga video at pagsasanay. Bagaman may kamalian ito ay kakaunti at kailangan lamang ayusin na binigyang kasagutan ng mananaliksik, isinaayos at pinaganda ang mga video at pagsasanay na taglay ng kagamitang USAPP. Ang implikasyon nito ay may iilang mali sa pagsasanay na nakapaloob sa kagamitang nabuo ngunit hindi naman gaanong problema maaaring palitan o ayusin ang mga teknikal na isyu sa mga pagsasanay at video na isinagawa ng mananaliksik upang mapanatili ang kawastuhan ng mga gawain at impormasyong ibinabahagi. Ang indikeytor na Kamalian sa graphics ay mayroong kabuoang mean na 4.00. Ito ay nangangahulugang walang kamalian sa graphics o biswal na presentasyon. Ito ay nagpapahiwatig na maayos ang pagkakagawa ng graphics o presentasyong Biswal ng USAPP. Kinakailangang maayos at angkop ang ginamit na mga biswal na imahe upang makatulong sa pagpapalawak ng bokabularyo ng isang indibidwal.

Ang implikasyon nito ay nagtataglay ng angkop na biswal na presentasyon ang kagamitan na malaking tulong sa pagpapalawak ng kaalaman ng isang indibidwal lalo na sa pagpapalawak ng pag-unawa. Kasunod naman ang Kawastuhan ng mga tunog na ginamit ito ay may mean iskor na 2.80. Ipinapahiwatig nito na may kamalian sa tunog na ginamit o may iilang tunog na nangangailangan ng kakaunting pagsasaayos. Bagaman may mali, ngunit kakaunti lamang ang mali at kailangan lamang itong ayusin, na muling isinaayos ng mananaliksik. Mahalagang naaayon at tama ang tunog na ginagamit sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo, lalo na sa pagtuturo ng tunog ng mga titik, sa paraang ito tama ang maibabahaging kaalaman para sa matagumpay na pagkatutong pagganap ng mag-aaral. Ang implikasyon nito ay may iilang tunog na ginamit na kailangang, alisin at palitan na binigyang katuparan ng mananaliksik upang matiyak ang kawastuhan at kaangkupan ng mga tunog na ginamit para sa matagumpay na paglinang ng kinakailangang kompetensi ng mga mag-aaral na nasa kategoryang *deficit*. Panghuli ay ang Kakulangan sa mga panutong nakalahad na mayroong kabuuang mean iskor na 3.80. Nangangahulugang walang mali at kakulangan sa mga panutong ginamit sa kagamitan. Ibigsabihin ay malinaw at sapat ang mga nakalahad na panuto sa ginawang kagamitang pampagtuturo, kung kaya't madali lamang magamit ito ng mga mag-aaral na nais gumamit ng nabuong USAPP. Ang kabuoang mean ng mga pahayag sa presentasyon ng e-mobile ayon sa kawastuhan ay may mean iskor na 3.68. Ito ay nagpapahiwatig na walang kamalian sa kabuoang kawastuhan ng kagamitang nabuo. Ngunit ang mga pahayag na nabanggit na mayroong kakaunting pagkakamali ay kinakailangang isaayos, na isinakatuparan naman ng mananaliksik upang matiyak ang kawastuhan ng nabuong kagamitan na ipapagamit sa mga guro at mag-aaral. Sapagkat mahalaga na angkop at wasto ang impormasyong ibabahagi at ituturo, tungo sa epektibong pagkatuto.

Ayon sa pag aaral ni Garcia Botero et.al., (2019) [34] maraming naidudulot na positibo ang paggamit ng mobile devices sa mga mag-aaral, isa na dito ang pagbukas sa mga oportunidad sa makabagong mukha at pamamaraan ng pagkatuto. Kung kaya't kinakailangang mas siyasatin at pag-aralan ang bagong usbong na pamamaraan ng pagkatuto. Sa pamamaraang ito masmauunawaan ang hilig at mga salik na makapagpapaunlad sa kanilang kasanayan. Kaugnay ng pag-aaral na ito, inayos at siniyasat ng mabuti ang makabagong kagamitang pampagtuturo na nabuo upang matiyak ang positibong dulot nito sa mga gagamit at makatulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Research Through Innovation

**TALAHANAYAN 3B Presentasyon ng USAPP Batay sa Nilalaman**

| Pahayag | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| Nailalahad ang kaangkupan ng nilalaman ng E-mobile sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. | 4.40 | Sumasang-ayon |
| Naipapahayag ang kabuluhan ng kabuoang nilalaman ng USAPP. | 4.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| May sapat at wastong pagsasanay sa bawat kasanayang nililinang. | 4.20 | Sumasang-ayon |
| Naipakikita na walang diskriminasyon sa anumang relihiyon, paniniwala o kasarian. | 4.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nabibigyang diin, maayos at malinaw ang diwa ng bawat paksang nakapaloob. | 4.20 | Sumasang-ayon |
| Nahahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pangunawa. | 4.60 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakapupukaw ng interes sa mga inaasahang gagamit ng kagamitang USAPP. | 4.60 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuoang Mean** | **4.51** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

*Iskala para sa nilalaman, presentasyon, organisasyon, pagsasanay at layunin*

4.50 - 5.00 Lubos na Sumasang-ayon (LS)
3.50 – 4.49 Sumasang-ayon (S)
2.50 – 3.49 Hindi Gaanong Sumasang-ayon (HGS)
1.50 – 2.49 Hindi Sumasang-ayon (HS)
1.00 – 1.49 Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHS)

Batay sa resulta ng talahanayan, ang pahayag na nailalahad ang kaangkupan ng nilalaman ng E-mobile sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na may kabuoang mean iskor na 4.40 at nangangahulugang lubos na sumasang-ayon. Pinatutunayan lamang nito na ang mga aralin, pagsasanay at iba pang mga gawain na nilalaman ng nabuong kagamitan ay angkop sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang pagiging akma ng nilalaman ng isang kagamitan sa paghubog ng kasanayan ay mahalagang salik na dapat isaalang-alang sa pagbuo ng isang kagamitang pampagtuturo para sa epektibong pagkatutong pagganap ng isang indibidwal partikular na sa pagpapayabong ng kasanayan sa pagbasang may pang-unawa. Implikasyon nito na bawat aralin at gawain na nilalaman ng USAPP ay nakadesinyo na makatulong sa paghulma ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Kasunod nito ay ang palatandaan na naipapahayag ang kabuluhan ng kabuoang nilalaman ng kagamitang USAPP na may mean iskor na 4.80 na may pagpapakahulugan na lubos na sumasang-ayon. Ito ay nagpapahiwatig na ang nabuong kagamitan ay nagtataglay ng mga gawaing makapagpapayabong sa pagbasang may pang-unawa ng mga mag-aaral. Ang implikasyon nito na ang kabuoang nilalaman ng USAPP ay kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral na nais matuto at hirap sa pagbasa, gayundin sa mga guro at mga magulang masmapapadali ang kanilang pagtuturo, gamit ang nabuong kagamitan maraming mag-aaral ang maaring matulungan ng kagamitang USAPP sa pagbasa na magkaroon ng makabuluhang pagkatuto. Mayroon namang kabuoang mean iskor na 4.20 ang pahayag na may sapat at wastong pagsasanay sa bawat kasanayang nililinang at may pagpapakahulugan na sumasang-ayon. Ibig sabihin ang mga pagsasanay sa bawat aralin na nakapaloob ay husto ang bilang at akma sa kasanayang pinapayabong. Ang pahayag naman na naipakikita na walang diskriminasyon sa anumang relihiyon, paniniwala o kasarian ay may mean iskor na 4.80 at may interpretasyon na lubos na sumasang-ayon. Nararapat na walang pinapanigan ang nilalaman ng isang kagamitang pampagtuturo kinakailangang bigyan ng kalayaan o pagkakataon ang isang indibidwal na makapili ng nais niyang panigang salik. Ito ay nangangahulugang ang nilalaman ng nabuong kagamitan ay patas at pangkalahatan, walang pinapanigan o tinatanggalan ng oportunidad para sa kanilang personal na nais, katulad ng paniniwala, relihiyon at kasarian. Implikasyon nito na nagpapakita na ang kagamitang USAPP sa pagbasa ay nagsusulong o sumusuporta ng paggalang at inklusibong pagtanggap sa paniniwala, relihiyon at kasarian ng bawat indibidwal. May mean iskor na 4.20 ang aytem na nabibigyang diin, maayos at malinaw ang diwa ng bawat paksang nakapaloob at may interpretasyong sumasang-ayon. Ito ay nagpapahiwatig na malinaw at maayos ang pagkakalahad ng mga paksa at tugma ang mga pagsasanay sa bawat aralin. Na malaking tulong sa pagkatutong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga aytem na Nahahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pang-unawa at Nakapupukaw ng interes sa mga inaasahang gagamit ng USAPP ay parehong may kabuoang mean iskor na 4.60 at may pagpapakahulugan na lubos na sumasang-ayon. Batay sa resulta ng talahanayan ito ay nagpapatunay na epektibo ang mga paksa at pagsusulit na nilalaman ng kagamitang USAPP sa pagpapayabong ng kasanayang panliterasi ng mga mag-aaral. Nagsasaad din ito na makatutulong sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pang-unawa ang kabuoang nilalaman ng USAPP. Sa pahayag na nakapupukaw ng interes sa mga inaasahang gagamit ng Kagamitang USAPP, batay sa resulta ng datos ay naglalahad na kaakit-akit ang nabuong kagamitan at pasok sa panlasa o kawilihan ng mga mag-aaral o iba pang gagamit, dahil makabago at gumagamit ng teknolohiya na patok sa nais at kawilihan ng mga mag-aaral. Ang kagamitan ay may kakayahang makapukaw ng interes at makaganyak sa mga mag-aaral na matutong bumasa at umunawa. Ang kabuoang mean ng presentasyon ng USAPP batay sa nilalaman ay 4.51 at may pagpapakahulugan na lubos na sumasang-ayon. Nagpapakita ito na ang kabuoang nilalaman ng kagamitang USAPP sa pagbasa ay makabuluhan, angkop sa pagpapataas ng kamalayang panliterasi ng mga magaaral, kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral, guro at mga gagamit ng nabuong kagamitan, nakagaganyak gamitin sapagkat makabago at naaayon sa interes ng makabagong henerasyon.

Sinuportahan ito ng pag-aaral nina Varona at Mandado (2020) [35] saad nila na napakalaking tulong sa mga mag-aaral at guro ang paggamit ng teknolohiya sa akademiko at proseso ng matagumpay na pagtuturo at pagkatuto. Isang halimbawa na ng paggamit ng teknolohiya sa akademiko ang USAPP E-Mobile: Interaktibong Kagamitan sa Pagbasa. Ang pokus nito ay mapaunlad ang kasanayan sa pagbasang may pang-unawa ng mga mag-aaral partikular na sa Filipino.

Maraming kapakinabangan ang paggamit ng USAPP isa na dito ang kalayaan sa pagkatuto saan man at kailan man naisin sa anumang lugar na may internet gamit lamang ang mobile phone, madaling malaman at maiwasto ang mga sagot sa bawat pagsasanay dahil may tampok ang USAPP na lalabas kung tama o mali ang iyong sagot. Masmapapalawak ang kaalaman at magiging interaktibo ang pag-aaral gamit ang mga video lesson na nakapaloob sa nabuong kagamitan. Kapanapanabik gamitin dahil sa kaakit-akit na mga larawan, tunog at iba pang tampok ng kagamitang USAPP.

**TALAHANAYAN 3C Presentasyon ng USAPP Para sa Presentasyon**

| **Pahayag** | **Mean** | **Deskripsiyon** |
|---|---|---|
| Nakahihikayat at kaakit-akit ang anyo, disenyo at paraan ng pagkakabuo ng USAPP. | 4.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Maayos ang pagkakagawa ng mga graphics | 4.50 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Angkop ang ginamit na ilustrasyon sa bawat aralin. | 5.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Madaling maunawaan at magamit ang Kagamitang USAPP. | 5.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakaaaliw ang mga *video* na ginamit, may malinaw at malakas na tunog na makapupukaw ng interes ng mga gagamit ng kagamitang USAPP. | 3.80 | Sumasang-ayon |
| Mayroong simpleng direksyon at kayang gamitin ng mag-aaral na sila lamang. | 4.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Interaktibo at kasiya-siya ang mga aralin at pagsasanay. | 4.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuoang Mean** | **4.67** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Makikita sa talahanayan na may interpretasyong lubos na sumasang-ayon ang aytem na *Nakahihikayat at kaakit-akit ang anyo, disenyo at paraan ng pagkakabuo ng USAPP* at may mean iskor na 4.80. Ito ay nagpapatunay na gumamit ng mga kaigaigayang larawan, makulay at kaakit-akit na disenyo at grapiko ang kabuoang porma ng USAPP na isang mahalagang salik sa pagpukaw ng interes at magganyak ang mga mag-aaral na gamitin ang nabuong interaktibong kagamitan. Ang aytem na *Maayos ang pagkakagawa ng mga graphics* ay may puntos na 4.50 at may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Nagpapahiwatig ito na ang pagkakabuo ng *graphics* o mga biswal na elemento ay mahusay na nayari at makatutulong sa pagkatutong pagganap ng mga mag-aaral. Kasunod nito ay ang mga pahayag na *Angkop ang ginamit na ilustrasyon sa bawat aralin* at *Madaling maunawaan at magamit ang kagamitang USAPP* ay parehong may kabuoang mean iskor na 5.00 at may pagpapakahulugan na lubos na sumasangayon. Nararapat lamang na wasto ang ilustrasyong gagamitin upang maiwasan ang kalituhan at makapagbigay ng maling impormasyon. Nagsasaad lamang ito na ang mga larawan na ginamit sa USAPP ay akma sa bawat aralin.

Ang implikasyon nito na ang nabuong kagamitan ay gumamit ng mga larawang may kaugnayan sa paksa o aralin para sa karagdagan at mas malinaw na pag-unawa. Malinaw at kaakit-akit ang mga ilustrasyong nakapaloob sa kagamitan. Nangangahulugang ang mga larawan na ginamit ay maayos ang pagkakaguhit, gumamit ng matingkad at kaaya-ayang mga kulay.

Nangangahulugang ang kagamitang USAPP ay nagtataglay ng mga larawang makapupukaw ng interes ng mambabasa, ang kaangkupan ng ilustrasyon ay isa sa mahahalagang elemento sa pagpapalawak ng kaalaman ng isang indibidwal. Batay sa resulta ng datos ang USAPP ay madaling magamit at maunawaan. Nagpapahiwatig ito na simple at malinaw ang mga panuto, aralin at pagsasanay na nakalahad. Hindi nakakalito ang pagsasagawa ng mga gawain dahil organisado at may sinusundan itong patnubay. Madaling maunawaan ang mga hakbang na gagawin dahil nakasulat ito sa Wikang Filipino. Nagtamo ng 3.80 na mean iskor ang pahayag na *Nakaaaliw ang mga video na ginamit, may malinaw at malakas na tunog na makapupukaw ng interes ng mga gagamit ng USAPP* at may deskripsyong sumasang-ayon. Naglalahad ito na kasiya-siya ang mga *video lesson* na ginamit at mayroon itong malinaw at malakas na tunog na mahalaga sa pagkatuto at pagpapaunlad ng kasanayan ng mag-aaral. Nangangahulugang nakapagbibigay ang USAPP ng mga *video lesson* na nakaeengganyong panoorin, ito'y magsisilbing pamukaw sa kawilihan ng magaaral, nagpapalawak at nagpapalalim sa mga kaisipang nakalahad sa kagamitan. Ang lakas at linaw ng tunog ay mahalaga ding elemento sapagkat malinaw at wasto ang impormasyong maibabahagi sa mga gagamit nito. Ang mga pahayag na *Mayroong simpleng direksyon at kayang gamitin ng mag-aaral na sila lamang*, *Interaktibo at kasiya-siya ang mga aralin at pagsasanay* ay may parehong kaukulang puntos na 4.80 at may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Nagpapatunay ito na malinaw at madaling maunawaan ang mga panuto, dahil dito magaan at walang kahirap-hirap gamitin ang USAPP.

Nangangahulugang ang kagamitan ay nagtataglay ng simpleng paraan ng paggamit nito saanman at kailanman naisin ng mag-aaral ay maaari itong maakses kung saanmang naaabot ng *internet*. Mapapadali ang pagkatuto at pagpapayabong ng kasanayang panliterasi ng isang indibidwal na gagamit nito. Ang mga aralin at pagsasanay ay nakaaaliw nagtamo ng kabuoang *mean* na 4.67 ang USAPP batay sa presentasyon at may pagpapakahulugang lubos na sumasang-ayon. Nagpapahiwatig ito na maayos ang pagkakabuo, pagkakabalangkas, pagkakadesinyo, at ang kabuoang anyo ng kagamitang USAPP. Isa ito sa mga mahalagang aspeto na dapat isaalang-alang upang matiyak na matagumpay at epektibo ang pagkatutong pagganap ng mga magaaral. Ayon naman sa Readability (2020) [36], ang makabagong kagamitang pampagtuturo sa *online platform* na naglalaman ng mga babasahing interaktibo at kasiya-siya ay epektibong gamitin upang matulungan ang mga bata na matutong bumasa at umunawa. Sa paraang ito matutugunan ang mga salik o dahilan sa mababang komprehensyon ng mga mag-aaral. Ito rin ay isang layunin sa pagbuo ng kagamitang USAPP. Ang paggamit ng *multimedia* sa pagtuturo ay malaking tulong na mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral ang mga elektronikong kagamitan na ginagamit sa pagtuturo sa loob ng paaralan ay may positibong dulot sa mga magaaral. Nakatutulong ito upang mapaunlad ang mga kasanayan ng isang indibidwal. Ang kasalukuyang nabuong kagamitan, ay naglalaman ng kasiya-siya at kawili-wiling mga gawain para sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral na hirap sa kasanayan sa pagbasa at

pag-unawa. Makikita sa Talahanayan 3D ang presentasyon ng USAPP batay sa organisasyon, mula sa ebalwasyon at pagsusuri ng mga eksperto. Nakalahad rin dito ang mga pahayag at indikeytor na nakapaloob sa organisasyon. Makikita rin dito ang kabuoang puntos ng kagamitan batay sa presentasyon.

**TALAHANAYAN 3D Presentasyon ng USAPP Batay sa Organisasyon**

| **Pahayag** | **Mean** | **Deskripsiyon** |
|---|---|---|
| Pormal at organisado ang kabuoang laman ng USAPP. | 4.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| May wastong pormat. | 4.40 | Sumasang-ayon |
| Maayos ang paglalahad ng mga gawain mula sa madali patungo sa mahirap na gawain. | 5.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| May tamang pagkakasunod-sunod ang mga aralin gayundin ang mga halimbawa. | 4.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Tiyak, malinaw, maikli at nauunawaan ang pagkakalahad ng mga panuto. | 4.00 | Sumasang-ayon |
| Organisado ang pagkakaayos ng nakapaloob na pagsasanay. | 4.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Wasto ang paglalahad ng mga gawain. | 4.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuoang Mean** | **4.65** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Batay sa paglalahad ng talahanayan ang unang pahayag na *Pormal at organisado ang kabuuang laman ng USAPP*, *may tamang pagkakasunod-sunod ang mga aralin gayundin ang mga halimbawa* at *organisado ang pagkakaayos ng nakapaloob na pagsasanay* ay may puntos na 4.80 at may pagpapakahulugang lubos na sumasang-ayon. Nagpapatunay ito na ang estruktura at ayos ng kabuoang laman ng USAPP ay wasto, at pasunod-sunod na nakaayos. Mahalaga na organisado o nakaayos ng wasto ang nilalaman ng isang kagamitang pampagtuturo upang matiyak na ang mga impormasyon o ideyang maikintal at maibahagi sa mga mag-aaral ay wasto at maiiwasan ang kalituhan. Nangangahulugang ang kagamitang USAPP ay nagbibigay ng maayos at lohikal na mga gawain na madaling maunawaan at maipaliwanag ng mga mag-aaral ang mga ideya o konseptong nakalahad. Kasunod nito ay ang pahayag na *May wastong pormat* na may iskor na 4.40 at may interpretasyong sumasang-ayon. Naglalahad ito na maayos ang estruktura o pagkabalangkas ng USAPP, gumamit ng teknolohiya o makabagong pamamaraan sa paghahatid ng ideya at iba pang impormasyon na importanteng salik sa pagpapayabong ng intelektwal ng isang indibidwal.

Ang kabuoang ayos ng kagamitan ay nararapat na isaalang-alang, may malaking epekto ang makabagong pamamaraan, anyo, laki ng mga titik, disenyo, mga kulay na ginamit ilustrasyon, at pagkakasunod-sunod ng mga gawain sa pagpapalawak ng pagkatutong panliterasiya ng mga mag-aaral masmagiging kaakit-akit at nakaeengganyo ang isang kagamitan kung maayos ang pormat o estruktura nito. Ang indikeytor na *Maayos ang paglalahad ng mga gawain mula sa madali patungo sa mahirap na gawain* ay nagtamo ng mean iskor na 5.00 at may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan itong ang mga aralin at pagsasanay na nakapaloob sa USAPP ay nagsimula muna sa payak patungong komplikado. Nararapat na ang isang gawain o pagsasanay ay magsimula sa madali hanggang sa mahirap na antas ang pagkakasunod-sunod ng antas ng kasanayan ay nakakamit sa pamamagitan nang dahan-dahang pagdaragdag ng hirap o kasalimuotan sa mga aralin o konsepto, mula sa isang antas papunta sa susunod na lebel. Halimbawa nito ay ang aralin at pagsasanay sa kagamitang nabuo mula tunog ng titik, silaba, salita, parirala, pangungusap, talata hanggang sa pinakamataas na antas ang pagbasa at pag-unawa sa kuwento. Ang paggalaw mula sa madali patungo sa mas mahihirap na gawain ay makatutulong sa mga mag-aaral na makaranas ng tagumpay sa paghubog ng kanilang mga kasanayang panliterasi.

Mahalagang malinang muna ng isang mag-aaral ang pinakapayak na kasanayan patungo sa mga susunod na antas hanggang sa pinakakomplikadong kasanayan upang maging maayos ang daloy ng mga ideyang maikikintal sa isipan. Sa paraang ito ay makapagbibigay ng mga oportunidad sa mga mag-aaral para sa pagpapalawak ng kanilang mga karanasan at kaalaman na sasaklaw sa unti-unting pagkamit ng mga layunin at pagkahubog ng mga kakayahan at kasanayan habang tinatahak nila ang hagdan ng pagkatuto. Mayroong mean iskor na 4.00 ang aytem na *tiyak, malinaw, maikli at nauunawaan ang pagkakalahad ng mga panuto* at may pagpapakahulugang sumasang-ayon. Nagpapahiwatig ito na ang panuto sa kagamitang USAPP ay wasto, simple at malinaw ang pagkakalahad. Ang kaangkupan, kalinawan at kaayusan ng pagkakabuo ng panuto ay mahalagang aspeto sa pag-unawa at pagsasagawa ng mga aralin at pagsasanay. Ito ay nakapagbibigay gabay sa kung ano ang dapat gawin ng isang indibidwal na gumagamit ng nabuong kagamitan. Ang kabuoang mean ng USAPP batay sa organisasyon ay 4.65 at may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Naglalahad na ang kabuoang ayos at estruktura ng kagamitang USAPP ay makabago, wasto, mabilis maunawaan, at nagbibigay ng mga konsepto at pagsasanay na lohikal na nakaayos mula payak patungong mahirap na mahalaga sa paglinang ng mga kinakailangang kompetensi sa pagpapalawak ng kasanayang pagbasang may pang-unawa ng mga mag-aaral.

Sinuportahan ito ng pag-aaral ni Iranzo (2020) [37] na ang isang makabago at elektronikong interbensiyon ay magiging daan upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa kanilang pag-unawa. Malaki ang positibong epekto ng paggamit ng makabagong kagamitan sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Katulad ng pag-aaral na ito tinukoy na malaki ang ambag ng kagamitang USAPP sa pagpapaunlad ng kasanayang panliterasi ng isang indibidwal. Ang Talahanayan 3E ay nagpapakita ng resulta ng sarbey mula sa ebalwasyon ng mga eksperto. Nakalahad din ang mga pahayag, kabuoang puntos ng USAPP batay sa pagsasanay at ang pagpapakahulugan nito.

**TALAHANAYAN 3E Presentasyon ng USAPP Batay sa Pagsasanay**

| Pahayag | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| Ang mga nakapaloob na gawain ay angkop at tumutugon sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. | 4.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Ang bawat gawain ay tumutugon sa multiple intelligences ng mga magaaral. | 4.60 | Lubos na Sumasang-ayon |
| May sapat na aytem sa bawat kasanayang nais paunlarin. | 4.00 | Sumasang-ayon |
| Nakapagbibigay aliw sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. | 4.60 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakatutulong ang mga pagsasanay na maging aktibo ang mga magaaral. | 4.40 | Sumasang-ayon |
| Madaling nasasagutan at naiwawasto ang mga pagsasanay. | 5.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakalahad ang tamang sagot at iskor ng mag-aaral na sumagot sa bawat pagsasanay. | 5.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuoang Mean** | **4.62** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Batay sa talahanayan ang unang pahayag na *Ang mga nakapaloob na gawain ay angkop at tumutugon sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa* ay nakakuha ng mean iskor na 4.80 at nangangahulugang lubos na sumasang-ayon. Ipinapahiwatig nito na ang mga pagsasanay sa USAPP ay nalilinang ang kasanayan sa pagbasang may pang-unawa. Nagpapahiwatig na ang kagamitang nabuo ay nagbibigay ng mga pagsasanay na wasto at angkop sa kasanayang nililinang na makatutulong sa pagpapataas ng lebel ng kaalaman at pagkatuto.

Nakakuha naman ng mean iskor na 4.60 ang pahayag na *Ang bawat gawain ay tumutugon sa multiple intelligences ng mga magaaral* at may pagpapakahulugang lubos na sumasang-ayon. Ito ay patunay na ang mga pagsasanay na nakapaloob sa kagamitan ay tumutugon sa iba't ibang talino at paraan ng pagkatuto ng isang indibidwal. Katulad ng mga sumusunod: pagkatutong biswal o mabilis matuto sa pamamagitan ng paningin, berbal o mas-epektibo ang pagkatuto kapag gumagamit ng salita o konsepto, kinestetik o masnatututo sa paggalaw ng katawan, at mayroon namang mas-epektibo ang pagkatuto kapag naririnig lamang niya ang isang aralin. Ang mga gawain sa kagamitang USAPP ay gumagamit ng *audio-videos* at may mga gawaing nangangailangan ng pisikal na partisipasyon sa pagsagot. Nagpapahiwatig ito na ang kagamitang USAPP ay nagbibigay ng mga pagsasanay na makakapagpayabong sa iba't ibang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang indikeytor na *may sapat na aytem sa bawat kasanayang nais paunlarin* ay nagtamo ng iskor na 4.00 at may pagpapakahulugang sumasang-ayon. Nagpapatunay lamang ito na husto ang bilang ng mga pagsasanay na nakapaloob sa interaktibong kagamitan, sa pagpapayabong ng kakayahan sa pagbasa ng mag-aaral kinakailangang sapat ang bilang ng mga pagsasanay sa bawat aralin. Ang implikasyon nito ay nagbibigay USAPP ng mga pagsasanay na husto ang dami upang makatulong sa kaunlarang literasi ng mga gagamit nito. Nakakuha ng 4.60 ang aytem na *nakapagbibigay aliw sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto* na may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinapahiwatig nito na ang mga pagsasanay ay kasiya-siya, gumamit ng nakakaaliw na mga *video* at larawan, ang paraan ng pagsagot sa mga gawain ay kawili-wili sapagkat malalaman mo agad kung tama o mali ang iyong sagot dahil may lumalabas na tsek kapag tama at ekis naman kapag mali ang napiling sagot ng mag-aaral. Nangangahulugang ang kagamitang nabuo ay nagbibigay ng mga pagsasanay na kawili-wili na makapupukaw ng damdamin sa mga gagamit nito para sa makabuluhang pagkatuto. Nakakuha ng puntos na 4.40 ang pahayag na *nakatutulong ang mga pagsasanay na maging aktibo ang mga mag-aaral* at may interpretasyong sumasang-ayon. Ibig-ipahiwatig nito na ang mga gawain ay nangangailangan ng pisikal na partisipasyon sa mag-aaral. May mga gawain sa na kailangan mong piliin at pindutin ang sagot na nais sa bawat katanungan, bawat pagpindot ng sagot ay lalabas kung ito ba ay tama o mali. Ang USAPP ay humihimok sa indibidwal na makiayon, makisali, at makiganap sa mga pagsasanay tungo sa matagumpay na pagkatuto. Ang mga pahayag na *madaling nasasagutan at naiwawasto ang mga pagsasanay at nakalahad ang tamang sagot at iskor ng mag-aaral na sumagot sa bawat pagsasanay* ay may parehong puntos na 5.00 at may interpretasyong lubos na sumasangayon. Patunay ito na ang mga pagsasanay ay simple at malinaw ang mga tanong. Mayroong palatandaan para malaman kung tama o mali ang sagot at bawat makukuhang iskor sa mga pagsasanay ay nakarekord sa USAPP upang agad na mataya kung may natutunan ang isang mag-aaral. Nangangahulugang nagbibigay ng wasto at malinaw na mga pagsasanay ang nabuong kagamitan at agarang naiwawasto ang mga sagot upang agad na malaman kung naikintal ang kaalamang ibinahagi.

Ang kabuoang mean ng USAPP batay sa pagsasanay ay 4.62 at may pagpapakahulugang lubos na sumasang-ayon. Nagpapatunay ito na ang nabuong kagamitan ay malaking ambag sa pagpapayabong ng kasanayang literasi ng mga mag-aaral dahil sa modernong paraan ng pagkakagawa ng mga pagsasanay, paraan ng pagsagot at pagwawasto na nakabubuhay ng kawilihan at interes ng isang indibidwal.

Kaugnay ito ng pag-aaral ni Serrano (2022) [38], sinabi niya ang makabagong pamamaraan ng pagtuturo ay epektibo at naayon sa gusto o hilig ng mga mag-aaral bunga din nito ay ang positibong pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang bagong henerasyon ng mga mag-aaral ay naghahangad ng makabagong karanasan ng pagkatuto. Nararapat na makasabay ang mga guro sa pagbabagong nagaganap, upang masmaging epektibo ang kanilang pagtuturo kung inaangkop ito sa hilig o interes ng mga magaaral. Kung kaya't ang nabuong elektronikong kagamitan ay tiyak na kagigiliwan at kakapanabikan ng mga guro at mag-aaral sapagkat ito ay patok, angkop sa panlasa at pangangailangan ng makabagong henerasyon. Makikita sa Talahanayan 3F ang resulta ng ebalwasyon at pag-susuri ng mga dalubguro sa nabuong kagamitan batay sa presentasyon ng layunin. Nakalahad din ang mga indikeytor o pahayag at kabuoang puntos na natamo ng kagamitang USAPP at ang mga pagpapakahulugan dito.

**TALAHANAYAN 3F Presentasyon ng USAPP Batay sa Layunin**

| Pahayag | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| Nakatutulong sa mga guro na mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at pagunawa ng mga mag-aaral na hirap sa kasanayang nabanggit. | 5.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kapaki-pakinabang ang USAPP sa mga mag-aaral na mahubog ang kawilihan at mahalin ang pagbasa. | 5.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakabatay sa kurikulum ang layunin at gawain na nakapaloob sa kagamitan. | 4.80 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nagkakaroon ng higit na kabatiran ang mga mag-aaral sa komprehensiyon at pagbasa gamit ang USAPP. | 4.40 | Sumasang-ayon |
| Nabibigyang halaga ng mga mag-aaral ang pagbasa at pag-unawa sa paggamit ng USAPP. | 4.40 | Sumasang-ayon |
| Nahihikayat ang mga mag-aaral na magbasa sa lahat ng oras. | 4.20 | Sumasang-ayon |
| Napapalalim ang kaalaman ng mga mag-aaral mula sa mga araling nakapaloob sa kagamitan. | 4.20 | Sumasang-ayon |
| **Kabuoang Mean** | **4.57** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Batay sa talahanayan nakakuha ng mean iskor na 5.00 ang mga indikeytor na *Nakatutulong sa mga guro na mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral na hirap sa kasanayang nabanggit* at *Kapaki-pakinabang ang USAPP sa mga mag-aaral na mahubog ang kawilihan at mahalin ang pagbasa* at may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Nagpapatunay ito na ang mithiin ng nabuong kagamitan ay makatulong sa mga guro na magsilbing gabay at instrumento upang matulungan ang mga mag-aaral na mapayabong ang kanilang kakayahan sa pagbasang may pang-unawa. Gayundin sa pagpukaw ng interes sa mga mag-aaral na mahalin at kagiliwan ang pagbasa. Ang aytem na *nakabatay sa kurikulum ang layunin at gawain na nakapaloob sa USAPP* ay nagtamo ng mean iskor na 4.80 at may pagpapakahulugan na lubos na sumasang-ayon. Nagpapahiwatig ito na ang mga gawain at kompetensi na nakapaloob sa USAPP ay nakabase sa gabay pangkurikulum ng DepEd. Nangangahulugang ang kagamitang USAPP ay nagbibigay ng mga gawaing wasto at ibinase sa kurikulum na naglalayong mahubog ang mga kinakailangang kompetensi sa isang indibidwal. Nakakuha ng parehong mean iskor na 4.40 at may interpretasyong sumasang-ayon, ang mga pahayag na *Nagkakaroon ng higit na kabatiran ang mga mag-aaral sa komprehensiyon at pagbasa gamit ang USAPP* at *Nabibigyang halaga ng mga mag-aaral ang pagbasa at pag-unawa sa paggamit ng nabuong kagamitan*. Naglalahad ito na epektibo ang paggamit nito sa pagkatututo ng mga bata nabubuhay din ang kawilihan ng indibidwal na bigyang pansin at mahalin ang pagbasa para sa ikauunlad ng kanilang kasanayang panliterasi. Ang indikeytor na *Nahihikayat ang mga mag-aaral na magbasa sa lahat ng oras* at *Napapalalim ang kaalaman ng mga mag-aaral mula sa mga araling nakapaloob sa USAPP* ay may parehong mean iskor na 4.20 at may interpretasyong sumasang-ayon. Nagpapahiwatig ito na nakamit ang layunin ng USAPP na maengganyo ang mga mag-aaral na magbasa sa lahat ng oras dahil sa makabagong anyo at paraan ng paggamit nito. Kawili-wili din ito sa mga gagamit dahil gumamit ng teknolohiya na talaga namang pasok sa interes at panlasa ng mga mag-aaral. Magbubukas ito ng oportunidad na mapalawak ang pagkatuto ng mga mag-aaral at malinang ang kasanayan sa pagbasang may pang-unawa. Ang mga makabago at napapanahong kagamitan na ginagamit bilang instrumento sa pagtuturo ay malaking tulong upang ganap ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang kabuoang mean ng kagamitan batay sa layunin ay nagkamit ng kabuoang mean iskor na 4.57 at may pagpapakahulugang lubos na sumasang-ayon. Nagpapatunay ito na makabuluhan ang layunin ng kagamitang USAPP at isang malaking tulong sa mga guro at mag-aaral sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa.

Batay sa pag-aaral ni Sacay (2023) [39] sinabi niyang ang kagamitang pampagtuturo na gumagamit ng teknolohiya ay may makabuluhang epekto bilang interbensiyon o makabagong kagamitan sa paglinang at pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa at pagunawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Kaugnay ito ng kasalukuyang pag-aaral na may mithiing mapataas ang kasanayang panliterasi ng mga mag-aaral sa Filipino 5.

4. **Pagtanggap ng mga Mag-aaral at Guro sa USAPP.**

Nakasaad sa bahaging ito ang pagtanggap ng mga mag-aaral at guro sa nabuong interaktibong kagamitan bilang isang makabagong kagamitan sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino. Nakalahad rin dito ang pagsangayon mula sa mga guro at mag-aaral sa nilalaman, presentasyon, organisasyon, pagsasanay at layunin ng USAPP. Batay sa resulta ng datos mula sa perspektibo ng mga mag-aaral lumalabas na kapaki-pakinabang at makabuluhan ang nabuong kagamitang pampagtuturo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Narito ang sinabi ng mga mag-aaral ayon sa kanilang pagtanggap:

Mag-aaral 2: *"Makatutulong ang aplikasyong ito sa mga kaklase kong hirap sa pagbasa at sa mga mag-aaral na nagsisimula pa lamang magaaral bumasa."*

Mag-aaral 8: *"Makatutulong ito upang mahikayat ang mga mag-aaral na bumasa at mahubog ang kanilang kakayahan sa pagbasa at pagunawa."*

Nagpapatunay ito na malaki ang tulong o pakinabang ng nabuong kagamitan sa pagpapalawak ng kakayahang intelektwal ng mga mag-aaral. Nangangahulugan itong malaki ang kapakinabangang magagawa ng USAPP sa aspekto ng pagpapaunlad sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Lalo na ang mga mag-aaral na nagsisimula pa lamang matuto o hirap matuto sa kasanayang nabanggit. Ibig ipahiwatig rin nito na sang-ayon at tanggap ng mag-aaral ang nabuong kagamitan sa paglinang ng kasanayan sa pagbasang may pang-unawa. Nagpapakita naman ang bahaging ito na kawili-wili ang karanasang hatid ng kagamitang USAPP sa pagpapataas ng kasanayang panliterasi ng mga mag-aaral.

Mag-aaral 1: *"Mahusay ang pagkakagawa ng USAPP" at "Nakakatuwang gamitin ito, ang ganda ng pagkagawa"*

Mag-aaral 6: *"Kapakipakinabang ang aplikasyong ito dahil mapapalalim pa ang kaalaman naming mag-aaral dahil rin sa mga nakaaaliw na paraan ng pagbasa."*

Ang parehong komento ng dalawang mag-aaral, ibig ipahiwatig nito na maganda, maayos at kasiya-siyang gamitin ang nabuong kagamitang USAPP dahil sa ito ay interaktibo, gumagamit ng *audio-visual* at napapanahon. Nangangahulugan ito na interesado at gustong gamitin ang USAPP ng mga mag-aaral dahil sa makabagong anyo at kasiya-siyang paraan ng pagkatuto. Ang paggamit ng nabuong kagamitang pampagtuturo ay may maaring positibong dulot at makatutulong sa pagpapayabong ng kasanayan sa panahong *digital*. Ayon sa pag-aaral ni Kwegyiriba et.al. (2022) [40] ang paggamit ng *audio-visual* na kagamitan sa pagtuturo ay nakapagpapataas ng interes at mabisa sa pag-aaral. Nakakatulong din na mapayabong ang antas ng pagbasang may pang-unawa. Kung kaya't nararapat na gumamit sa pagtuturo ng mga makabagong kagamitan na makapupukaw ng interes ng mga mag-aaral para sa matagumpay na pagkatutong pagganap. Ang pahayag naman na ito ay lumalabas na natuwa ang mga mag-aaral sa pagkakabuo ng kagamitang USAPP at nagsasaad na nagsilbing inspirasyon ang nabuong kagamitan upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral na matutong bumasa.

Mag-aaral 4: *"Salamat sa paggawa nito, may magagamit na kami sa pag-aaral ng pagbasa sa Filipino"*

Nangangahulugan itong nasiyahan ang mag-aaral sa nabuong USAPP bilang pantulong na kagamitan sa pagpapayabong ng kasanayan sa pagbasa sa Filipino. Batay sa mga pahayag ng mga mag-aaral katanggap-tanggap ang USAPP bilang makabagong interbensiyon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang kagamitang nabuo ay tumutugon sa pangangailangan ng makabagong henerasyon kaya lubos ang pagtanggap ng mga mag-aaral dito. Ang henerasyon ngayon ay masmabilis na natututo kapag gumagamit ng teknolohiya sa kanilang pag-aaral. Kung kaya't makabago din ang mga tampok ng kagamitang USAPP, ito'y maituturing na elektronikong kagamitan bilang makabagong interbensiyon. Isang napakalaking tulong sa mga mag-aaral ang kagamitang ito upang mapabilis ang kanilang pagkatuto sapagkat naayon ito sa kanilang interes at kawilihan. Ayon sa pag-aaral ni Iranzo (2020) [41], ang elektronikong interbensiyon ay magiging daan upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa kanilang pag-unawa. Tunay na malaki ang positibong epekto ng paggamit ng makabagong interbensiyon sa pagpapataas ng kahusayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Kaugnay ng pag-aaral na ito ang nabuong USAPP ay isa ring makabagong interbensiyon na naglalayong malinang ang kasanayang pagbasa at pag-unawa ng isang indibidwal. Nakasaad sa bahaging ito ang mga pagtanggap sa USAPP bilang interaktibong kagamitang pampagtuturo mula sa perspektibo ng mga guro na nagsilbing tagatugon sa ginawang pag-aaral na ito.

Makikita dito ang mga saloobin ng mga guro sa kagamitang "USAPP" lumalabas na maayos at mahusay ang pagkakabuo ng kagamitang pampagtuturo.

Guro 1: *"Mahusay ang pagkakagawa ng aplikasyong ito, lumalabas agad ang tamang sagot at mabilis malalaman ng mga mag- aaral kung tama ang kanilang sagot."*

Guro 3: *"Napakahusay ng nabuong aplikasyon, ngunit mas maganda kung ito ay pwedeng gamitin "offline" para sa mga batang walang internet connection sa bahay at paaralan."*

Guro 6: *"Napakaganda ng pagkakagawa ng aplikasyon at makatutulong ito sa mga mag-aaral, gagamitin ko ito sa klase"* At *"Ipamahagi ang aplikasyon sa ibang paaralan upang matulungan ang mga mag-aaral na hirap bumasa."*

Nagpapahiwatig ito na nasiyahan ang mga guro sa nabuong kagamitan at angkop sa pagpapataas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa kinakailangan lamang na magamit ito *"offline"* para sa iilang mga batang walang *internet* ito ay nagbigay dagdag ideya sa mananaliksik na paunlarin pa ang *features* ng kagamitan para malayang magamit ng lahat ang "USAPP" at sa malawakang kapakinabangan nito. Nagsasaad din ito na napakahusay ng pagkakabuo ng kagamitang USAPP dahil may tampok na

agad na makikita kung tama o mali ang sagot ng mga mag-aaral kaya kasiya-siya itong gamitin. Ito ay nagpapahiwatig na may tampok ang kagamitan na agarang nagbibigay fidbak sa gayon mabilis na maisasakatuparan ng mga guro na mapaalam ang kaniyang mag-aaral gamit ang "USAPP" dahil interaktibo at kawili-wili ang mga tampok at nilalaman nito. Ibig sabihin positibo ang pananaw ng guro sa nabuong kagamitan at nais na patuloy gamitin ang "USAPP" bilang makabagong interbensiyon sa pagkatutong pagganap ng mga mag-aaral partikular na sa pagpapataas ng kakayahang literasi. Nakasaad naman sa bahaging ito ang isa sa mga suhestiyon ng mga guro upang lubos na mapaunlad ang USAPP.

Guro 8:

"*Masmainam na gumamit ng masbuong boses sa pagbigkas ng mga letra".*

Ito ay isinaayos at pinagbuti ng mananaliksik ng pag-aaral na ito sapagkat mahalagang elemento rin ang tunog sa paghahatid ng wastong impormasyon upang madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang isang konsepto tungo sa matagumpay na pagkatuto. Ang mga puna at saloobin na nabanggit mula sa mga guro ay nagpapahiwatig na lubos ang pagtanggap ng mga guro sa kagamitang USAPP at nagbibigay rin ito ng karagdagang ideya at motibasyon sa mananaliksik na masmapaunlad ang kagamitang "USAPP" at patuloy na gamitin bilang makabagong interbensiyon sa pagpapalawak at pagpapaunlad ng makrong kasanayan. Pinaboran ito ng pag-aaral nina Varona at Mandado (2020) [42] sinabi nila na napakalaking tulong sa mga mag-aaral at guro ang paggamit ng teknolohiya sa akademiko at proseso ng matagumpay na pagtuturo at pagkatuto. Ito ay isang patunay na Malaki ang positibong epekto ng paggamit ng makabagong pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan, nabuo ang sumusunod na kongklusyon: Ang pag-alam at pagtukoy sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral ay napakahalaga dahil makatutulong ito sa mga guro na magbigay ng mga gawain at bumuo ng mga materyal na tutugma sa kakayahan ng bawat mag-aaral. Nagbibigay-daan din ito sa mga guro na pumili ng angkop na mga teksto at kagamitan, masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral, tungo sa matagumpay na pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Ang "USAPP E-Mobile" ay kagamitang may natatanging katangian at tampok na nakapagpapaunlad sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino. Balido ang itinampok na kagamitang USAPP E-Mobile: Interaktibong kagamitan sa Pagbasa bilang makabagong interbensiyon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ito ay maaaring tangkilikin at gamitin. Lubos ang pagtanggap mula sa hanay ng mga mag-aaral sa nabuong kagamitan. Ito ay tunay na makatutulong sa paghubog ng kakayahan at kasiya-siyang karansan ang hatid ng USAPP kung kaya't nagsilbing motibasyon na mapukaw ang interes ng isang indibidwal. Sa hanay naman ng mga guro, ito ay nagsilbing tulong at gabay sa modernong pagtuturo.

Batay sa mga natuklasan at sa kongklusyong nabanggit nabuo ang sumusunod na rekomendasyon: Hikayatin ang mga guro na makabuo ng mga kagamitan na makapagpapaunlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang kategorya sa pagbasa. Higit pangpaunlarin ang nabuong kagamitan at maaaring gawing *offline* upang maaaring magamit ng lahat kahit walang internet. Nararapat na tangkilikin at gamitin ang kagamitang USAPP upang malaman at makita kung ito ay makapagpapayabong ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino. Maaaring gamitin ng mga guro at mag-aaral para sa matagumpay na pagtuturo at pagkatutong pagganap ng mga mag-aaral sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa at maaaring gawing batayan ng mga susunod na mananaliksik upang magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral.

## SANGGUNIAN


[1] [18] D. R. V, "Regional Memorandum No. 363, s. 2023, guidelines in the administration of the Rapid Literacy Assessment for Grade 4-12 Learners in Region V," 2023.

[2] [30] M. F. Labasbas M., "Kaalaman at Kasanayan ng mga Guro sa," 2022.

[3] Hamzah et.al, "Hamzah, et. Al., 2023 Student experience of using mobile devices for learning chemistry International Journal of Evaluation and Research in Education (IJERE) 10(3):893-900," 2023.

[4] D. e. a. Buragohain, "Impact of E-Learning Activities on English as a Second Language Proficiency among Engineering Cohorts of Malaysian Higher Education: A 7-Month Longitudinal," (2023).

[5] UNESCO, "UNESCO. Mobile Learning for Individualized Education in China; UNESCO: Paris, France, 2019; Available online: https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000371930?posInSet=1&queryId=c53b81b8-a706-4279-908bc181e1aea36f (accessed on 10 October 2022) of Print," 2019.

[6] World Bank, "Southeast Asian Ministers of Education Organization (SEAMEO) – SEA-PLM Secretariat.," 2022 .

[7] PISA, " Pisa-2022-results-volume-i_53f23881-en.html," 2022.

[8] OECD, " Oecd.org/en/publications/pisa-2022-results-volume-i_53f23881-en.html," 2022.

[9] M. Hansen, "Miriam Hansen (2019) The role of emotions in highereducation teaching and learning processes, Studies in Higher Education, 44:10, 1709-1711, DOI: 10.1080/03075079.2019.1665306," 2019.

[10] G. Nonggod, "Nonggod, G. 2021. PAGGAMIT NG "BASA-PANG-UNAWA APP'' ISANG KAGAMITAN BILANG INTERBENSIYON SA PAGKATUTO SA PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016," 2021.

[11] [35] [42] J. O. &. V. F. A. Mandado, " Elektronikong Kagamitang Linangan sa Integratibo Tungo Sa Kasanayan (E-KLIK) sa Malikhaing Pagsulat sa Filipino. International Journal of Research Studies in Education, 11(6), 89-97.," (2022).

[12] J.-J. &. L. H. Lin, " Mobile-assisted ESL/EFL vocabulary learning: A systematic review and meta-analysis. Computer Assisted Language Learning, 32(8), 878–919. https://doi.org/10.1080/ 09588221.2018.1541359," (2019).

[13] L. Z. R. &. Z. D. Kohnke, ". Using Mobile Vocabulary Learning Apps as Aids to Knowledge Retention: Business Vocabulary Acquisition. The Journal of ASIA TEFL, 16(2), 683-690," (2019).

[14] Gutierrez-Colon et. al, "Mobile-assisted Language learning to enhance L2 reading comprehension: A selection of implementation studies between 2012–2017. Interact. Learn. Environ. 2020, 1–9.," 2020.

[15] P. Constitution, "THE 1987 CONSTITUTION OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES – ARTICLE XIV. https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/the-1987-constitution-of-the-republic-of-the-philippines/the-1987constitution-of-the-republic-of-the-philippines-article-xiv/," 1987.

[16] DepEd, "D.O. 78, s. 2010. Guidelines on the implementation of the DepEd computerization program (DCP). Nakuha mula sa: https://www.deped.gov.ph/2010/06/10/do-78-s2010-guidelines-onthe-implementation-of-thedeped-computerizationprogram-dcp/," 2010.

[17] DepEd, "DepEd, AN INTRODUCTION TO DEPED'S DIGITAL RISE PROGRAM: ICT in the Department of Educationhttps://www.deped.gov.ph/2022/01/26/deped-empowers-digital-transformation-in-schools-through-nationwidedistribution-of-annual-adobe-licenses/," 2022.

[18] J. Monter, "Non-tekswual na pagsasanay sa paglinang ng 21st century skills. Southern Leyte State University-College of Teacher Education, Tomas Oppus, Southern Leyte.," (2016)..

[19] I. Tagalog, ". Kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng dula batay sa pag-unawa ng maikling kwento. Southern Leyte State University-College of Teacher Education, Tomas Oppus, Southern Leyte.," 2015.

[20] [21] [25] [29] H. Rapi, "Basa-Hasa:Kompilasyon ng mga babasahin sa paghasa ng antas ng kasanayan sa pagbasa. International Journal of Research Studies in Education 2024 Vol. 13 No. 5, 163-178.," 2024.

[22] Gilana, " E-Gramatika: Elektronikong modyul sa pagtuturo ng balarilang Filipino," 2023.

[23] M.-a. R., R. A. L. Tomas, B. L. Hidalgo, R. S. Ngawa and N. A. Fernandez, "KAALAMAN NG GURO SA PAGGAMIT," 2023.

[24] DepEd, "k to12 curriculum guide 2016 https://www.deped.gov.ph/k-to-12/about/k-to-12-basic-education-curriculum/," 2016.

[25] [26] [33]J. M. V. &. P. F. B. Quitolbo, "KASANAYANG AUDIO- VISUAL AT TEKSTWAL SA PAG-UNAWA NG PANITIKAN NG MAG-AARAL NG MALINAO HIGH SCHOOL. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(5), 272–295. https://doi.org/10.5281/zeno," (2024). .

[27] D. a. Conui, " Pagbuo ng Workbuk sa Kasanayan sa Kritikal na Pag-iisip ng mga Estudyante https://journals.msuiit.edu.ph/langkit/article/view/85," 2022..

[28] J. Pacol, "E-BAKADA: InteraktibongKagamitan sa Pagtuturo ng Filipino bilang Ikalawang Wika ng mga Banyagang Estudyante The Normal Lights Volume 17, No. 2 (2023)," 2023.

[29] [31] [40] K. &. R. O. M. &. E. Ewusi, ""The Use of Audio-Visual Materials in Teaching and Learning Process in Effia Junior High Schools," Technium Social Sciences Journal, Technium Science, vol. 31(1)," 2022..

[32] D. E., "E-KUWENTO: KAGAMITAN SA PAGPAPATAAS NG TALASALITAANG FILIPINO SA IKATLONG BAITANG," 2024.

[34] G. Q. F. &. Z. C. García Botero, "Self-directed language learning in a mobile-assisted, out-of-class context: Do students walk the talk? Computer Assisted Language Learning, 32(1–2), 71–97. https://doi.org/10.1080/09588221.2018.1485707," 2019.

[36] Readabilityapp, "https://www.readabilitytutor.com/readability-faqs-aug-2020," 2020.

[37] [41] R. Iranzo, "Bisa ng Filtech Web Apps bilang kagamitang panturo sa asignaturang Filipino ng Lungsod ng Pasig., International Journal of Research Studies in Education.," 2020.

[38] D. SERRANO, "E-GAMES: SALITALINO SA PAGPAPALAWAK NG BOKABULARYO SA FILIPINO IJRP 2022, 102(1), 527-536; doi:.10.47119/IJRP1001021620223327," 2022..

[39] A. Sacay, "GRAMAFIL APP BILANG INTERBENSYON SA PAGPAPAUNLADNG KAKAYAHANG PANGGRAMATIKA NG MGA MAG-AARAL SA IKASAMPUNG BAITANG .SJIF Impact Factor (2023): 8.574| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 24557838(Online)EPRA Intern," (2023)..